# Ang Tagapamagitang Epekto Ng Home Reading Support Ng Magulang Sa Pagtanaw Sa Sarili At Metakognitibong Estratehiya Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Sa Baitang 7

Florian L. Cortez [a] , Roel A. Sinfuego [b]

*[a] florian.cortez@hcdc.edu.ph & [b]roel.sinfuego@hcdc.edu.ph*
*[a]Faculty of Davao City National High School, F. Torres St., Davao City, 8000, Philippines*
*[b]Professor of Graduate School at Holy Cross of Davao College, Sta.Ana Avenue, Davao City, 8000, Philippines*

**Abstrak**

Ang mababang Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa ay isang suliraning nakababahala. Sinuri ang papel ng *Home Reading Support* ng magulang bilang tagapamagitan sa ugnayan ng pagtanaw sa sarili at Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa. Ginamit sa pag-aaral ang Predictive Research Design, random sampling technique, survey approach, at mediation analysis. Batay sa datos mula sa 334 na mag-aaral, natuklasang may makabuluhang tagapamagitang epekto ang Home Reading Support sa ugnayan ng predictor at criterion variables, na nagpapatibay sa Social Cognitive Theory. Inirerekomenda ng pag-aaral ang mas aktibong pakikilahok ng mga magulang, pagpapatupad ng mga programang pampagbasa, paggamit ng angkop na estratehiyang pampagtuturo, at pagsasagawa ng mga kaugnay na pananaliksik upang higit na mapaunlad ang literasiya at metakognitibong kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

*Mga Susing Salita: Home reading support, pagtanaw sa sarili, metakognitibong estratehiya, mag-aaral ng baitang 7*

## Introduksiyon

Ang mababang antas ng pag-unawa sa binasa ay pangunahing hamon sa edukasyon sapagkat nakaaapekto ito sa pagkatuto at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, mahalagang masuri ang mga salik na maaaring makaapekto sa metakognitibong estratehiya sa pagbasa, tulad ng pagtanaw sa sarili ng mambabasa at home reading support ng magulang. Ayon sa World Bank (2022), 70% ng mga batang may edad sampu sa mababa at katamtamang-kita na mga bansa ang hindi makabasa at makaunawa ng simpleng teksto, na may malubhang epekto sa kanilang pagkatuto at mga oportunidad sa hinaharap (World Bank, 2024).

Sa Pilipinas, ang suliraning ito ay nasa kritikal na antas. Ipinakita ng mga resulta ng Program for Intenational Student Assessment (PISA) noong 2019 at 2023 na nananatiling isa ang Pilipinas sa may pinakamababang antas ng pagbasa sa buong mundo batay sa Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD, 2023). Ang krisis na ito sa edukasyon ay nagpapakita ng kagyat na pangangailangang suriin ang mga salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng mga Pilipinong mag-aaral, partikular na ang kanilang self-perception o ang pagtanaw sa sarili bilang mambabasa (Bandura, 1997).

Sa lokal na setting, partikular sa Davao City, ang tagumpay ng isang mambabasa ay hindi lamang nakadepende sa loob ng silid-aralan. Ang aktibong partisipasyon at suporta ng mga magulang, tulad ng paggabay sa pagbabasa sa tahanan at paglikha ng kapaligirang mayaman sa literasiya ay may makabuluhang ambag sa pag-unlad ng bata, Hill & Tyson, (2009), Jeynes, (2012). Gayunpaman, ang pagiging epektibo ng

Home Reading Support ay nakatali sa kung paano tinitingnan ng mag-aaral ang kanyang sarili. Ang mag-aaral na may positibong self-perception ay mas bukas sa tulong ng magulang, samantalang ang mga may negatibong pananaw ay madalas na umiiwas sa mga gawaing pang-literasiya sa tahanan.

Bagama't maraming pag-aaral na ang naging paksa sa mga diskusyon na may kaugnayan sa reader self-perception at metakognitibong estratehiya sa pagbasa, nananatili pa ring limitado ang mga panitikan hinggil sa papel ng home reading support bilang tagapamagitan sa ugnayang ito. Karamihan sa mga pananaliksik ay nakatuon lamang sa impluwensya ng paaralan at hindi sapat na nasusuri ang kontribusyon ng suporta sa tahanan sa paglinang ng metakognitibong kasanayan sa pagbasa.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang Social Cognitive Theory ni Bandura; gayunpaman, nililimitahan nito ang ganap na aplikasyon ng Triadic Reciprocal Determinism sapagkat nakatuon lamang ito sa reader self-Perception bilang personal na salik at metakognitibong estratehiya sa pagbasa bilang pag-uugali o pagkatuto, habang ang home reading support ay sinuri lamang bilang tagapamagitang baryabol.

Layon ng pag-aaral na ito na punan ang kakulangang ito sa pamamagitan ng pagsusuri kung paano maaaring mapaigting ng suporta ng magulang ang metakognitibong estratehiya, lalo na sa mga mag-aaral na may mababang *self-perception*, upang matiyak na walang mag-aaral ang mapag-iiwanan sa hamon ng literasiya.

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay tumutugon nang tiyak sa *Sustainable Development Goal 4* (Quality Education) at *Philippine Development Plan* sa pamamagitan ng pagtukoy sa antas ng home reading support ng magulang (motibasyon, kagamitan, tulong, at pagsubaybay), pagtanaw sa sarili, at metakognitibong estratehiya sa pagbasa, pati na ang ugnayan at tagapamagitang epekto nito batay sa Social Cognitive Theory.

Nagbibigay ito ng empirikal na ebidensya para sa mga paaralan at tagapangasiwa sa pagbuo ng polisiya at kurikulum na pinapaunlad ang self-efficacy at metakognitibong estratehiya ng mga mag-aaral sa gitna ng krisis sa pagbasa.

Binibigyang-diin ang tungkulin ng magulang bilang tagapamagitan para sa holistikong pag-unlad, na magsisilbing pundasyon para sa mga hinaharap na pananaliksik sa literasiya at emosyonal na suporta sa makabagong panahon.

**Mga Tanong sa Pananaliksik**

Layon ng pag-aaral na ito na suriin ang papel ng *home reading support* ng magulang bilang tagapamagitang epekto sa ugnayan ng pagtanaw sa sarili at metakognitibong estratehiya sa pagbasa. Tiyak na sasagutin nito ang sumusunod:

1. Matukoy ang antas ng mga mag-aaral ayon sa: *home reading support* ng magulang batay sa motibasyon sa pagbabasa (reading motivation), mga kagamitan sa pagbabasa (reading resources), tulong sa pagbabasa (reading assistance), at pagsubaybay sa pagbabasa (reading monitoring); lebel ng self-perception; lebel ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa sa asignaturang Filipino;

2. Matukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng suporta ng mga magulang sa pagbabasa sa tahanan, pagtanaw sa sarili bilang mambabasa (*reader self-perception*), at metakognitibong estratehiya sa pagbasa sa asignaturang Filipino;

3. Matukoy ang makabuluhang tagapamagitang epekto ng suporta ng magulang sa pagbabasa sa tahanan

sa ugnayan ng pagtanaw sa sarili at metakognitibong etratehiya sa pagbasa sa asignaturang Filipino.

***Hipotesis:***

$H_o1$: Walang makabuluhang ugnayan ang suporta ng mga magulang sa pagbabasa sa tahanan at ang pagtanaw sa sarili bilang mambabasa (reader self-perception) sa metakognitibong etratehiya sa pagbasa sa asignaturang Filipino.

$H_o2$: Walang makabuluhang tagapamagitang epekto ng suporta ng magulang sa pagbabasa sa tahanan sa ugnayan ng pagtanaw sa sarili at metakognitibong etratehiya sa pagbasa sa asignaturang Filipino.


**Teoretikal na Lente**

Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa *Social Cognitive Theory* (SCT) ni Bandura (1986), na nagsasaad na ang pagkatuto at pag-uugali ng tao ay epekto o bunga ng dinamikong pakikipag-ugnayan ng personal na salik, kapaligiran, at pag-uugali. Ang tuntuning ito ay tinatawag na *Triadic Reciprocal Determinism*, kung saan ang bawat salik ay may kakayahang mang-impluwensya at maimpluwensyahan ng iba. Ayon kay Bandura, mahalagang bahagi ng SCT ang konsepto ng self-efficacy sa kaniyang sariling kakayahan, sapagkat ito ang nakaaapekto sa lebel ng kaniyang motibasyon, pagsisikap, at paraan ng pagkatuto.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ang *reader self-perception* ay itinuturing na personal na salik na maaaring makaapekto sa antas ng pakikilahok ng mag-aaral sa mga gawaing pampagbasa sa tahanan. Kapag positibo ang pagtanaw ng mag-aaral sa kaniyang kakayahan bilang mambabasa, mas nagiging bukas siya sa pagtanggap at paggamit ng Home Reading Support ng magulang, tulad ng paggabay, paghikayat, at pagbibigay ng mga gawaing pampagbasa.

Ang gabay mula sa tahanan ay nagsisilbing salik pangkapaligiran na maaaring humubog sa paglinang ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa, gaya ng motibasyon, pagbibigay ng mga kagamitan sa pagbasa, paggabay, at pagsubaybay sa pagbasa.

Samakatuwid, ipinapakita ng *Social Cognitive Theory* na ang personal na paniniwala ng mag-aaral at ang suportang natatanggap niya mula sa tahanan ay magkatuwang na nakaaapekto sa pag-unlad ng kaniyang metakognitibong kasanayan sa pagbasa.




Talaguhitan 1. Konseptwal na Pagbabalangkas ng Pag-aaral

## Metodo

Ang bahaging ito ay naglalahad ng disenyo ng pananaliksik, lokal ng pag-aaral, paglalarawan ng mga kalahok, instrumento sa pananaliksik, pamamaraan ng pagkalap ng datos, at ang mga istatistikal na tritment na ginamit sa pagsusuri ng datos.

### Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral na ito ng kuwantitatibo at deskriptibo-korelasyonal na disenyo, na ginamitan ng *mediation analysis*. Inilarawan ng deskriptibong bahagi ang kasalukuyang antas ng reader self-perception, home reading support, at metacognitive strategy ng mga mag-aaral, Creswell, (2014), Fraenkel, Wallen, & Hyun, (2019). Sinuri naman ng korelasyonal na aspeto ang ugnayan ng mga nasabing baryabol, Creswell, (2014).

Gamit ang *mediation analysis*, natukoy kung nagsilbing tagapamagitan ang home reading support sa pagitan ng reader self-perception at metacognitive strategy. Sinuri rito ang direktang epekto ng *self-perception* sa *metacognitive strategy*, ang epekto nito sa *home reading support*, at ang epekto ng *home reading support* sa *metacognitive strategy* habang kinokontrol ang *self-perception,* Baron & Kenny, (1986), Hayes, (2018).

Ang bawat baryabol ay sinukat gamit ang angkop na instrumento: tatlong talatanungan na dumaan sa balidasyon ng mga eksperto, partikular para sa *self-perception*, *home reading support*, at *metacognitive strategy*.

Bago ang aktwal na pangangalap ng datos, ay nagsagawa ng *pilot testing* upang matukoy ang *reliability* ng mga instrumento. Ipinakita ng resulta na ang *home reading support* ay may Cronbach's alpha na

0.942, ang *self-perception* ay 0.889, at ang *metacognitive strategy* ay 0.864, na kapwa nagpapahiwatig ng mataas na *internal consistency*. Ayon kina Tavakol at Dennick, (2011), ang Cronbach's alpha na 0.70 pataas ay indikasyon ng katanggap-tanggap na *reliability*. Batay rin sa pagsusuri ng "Cronbach's alpha if item dropped," walang item na kailangang alisin dahil lahat ay may mahalagang ambag sa kabuuang sukatan. Samakatuwid, napatunayang maaasahan at angkop gamitin ang mga instrumentong ito sa aktwal na pag-aaral.

**Pook ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral ay isinagawa sa isang pampublikong paaralan sa Unang Klaster ng Dibisyon ng Lungsod ng Dabaw, Rehiyon XI. Napili ang paaralang ito dahil ipinapakita ng obserbasyon at datos ang pangangailangan na suriin ang antas ng *home reading support* ng magulang at ang ugnayan nito sa *self-perception ng mag-aaral at metakognibong estratehiya* sa pagbasa. Bukod dito, bukas ang paaralan sa mga pananaliksik at inobasyon na naglalayong mapabuti ang kalidad ng pagtuturo sa asignaturang Filipino, kaya't naging akmang konteksto ito para masusing mapag-aralan ang mga mekanismo at interbensyong maaaring magpalakas sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa.

**Kalahok at Sampling**

Gumamit ang pag-aaral ng 334 na respondante mula sa kabuuang 2,544 na mag-aaral sa Baitang 7 para sa taong panuruan 2025–2026. Isinagawa ang *simple random sampling* upang matiyak na bawat mag-aaral ay may pantay na pagkakataong mapili at maiwasan ang selection bias. Ang laki ng sampol ay tinukoy gamit ang Raosoft calculator upang masiguro ang pagiging kinatawan nito.

Kabilang sa mga isinama ang mga mag-aaral na: (1) kasalukuyang naka-enrol sa Baitang 7, (2) nakatira kasama ang magulang o guardian na may aktibong suporta sa pagbasa, at (3) nagbigay ng pahintulot. Hindi naman isinama ang mga liban sa pangongolekta ng datos at ang mga hindi nakatapos ng sarbey.

**Hakbang at Pamamaraan sa Paglikom ng Datos**

Binalangkas ang mga hakbang at pamamaraan upang makuha ang mga kinakailangang datos para sa pag-aaral na ito. Una, hiniling ang pahintulot na magsagawa ng pananaliksik. Upang makakuha ng pag-apruba, kumuha ang mananaliksik ng sertipiko ng pagpapatibay mula sa *Society for Moral Integrity and Legal Ethics* (SMILE) ng Holy Cross of Davao College. Kasunod nito, humiling ng liham ng pag-endorso mula sa Dekano ng Paaralang Gradwado at awtorisasyon mula sa tagapayo ng tesis. Sumailalim pa sa masusing pagsusuri ang panukalang pananaliksik bago ito tuluyang naaprubahan.

Nang matanggap ang pag-apruba mula sa SMILE, nagpatuloy ang mananaliksik sa pormal na paghiling ng pahintulot mula sa Pangulo at Prinsipal ng paaralan. Kasama sa prosesong ito ang pagkuha ng pahintulot (*informed consent*) mula sa mga magulang at pagsang-ayon (*assent*) mula sa mga mag-aaral. Ang pagsang-ayon ng mga magulang ay nakuha kasabay ng pagtugon at pagpayag ng mga mag-aaral na makilahok sa pag-aaral.

Matapos mapagtibay ang mga liham mula sa institusyon, tiniyak na nakapagbigay ng pahintulot ang lahat ng mga kalahok sa pamamagitan ng paglagda sa kasulatan ng pagsang-ayon. Pagkatapos nito, ipinamahagi ang mga instrumento ng sarbey sa pamamagitan ng harapang pakikipag-ugnayan. Ibinigay ang mga nakalimbag na kopya ng talatanungan, na binubuo ng mga sumusunod na bilang ng tanong para sa bawat baryabol: 40 na tanong para sa unang baryabol, 20 para sa ikalawa, at 15 naman para sa ikatlo. Maingat na itinuro at pinayuhan ang mga kalahok na sagutan ang mga ito nang may katapatan at integridad. Sa huli, tinipon at inipon ang lahat ng nasagutang talatanungan bilang bahagi ng nakalap na datos para sa pagsusuri.

Ang mga nakolektang impormasyon ay isinaayos sa mga talahanayan ayon sa nilalaman ng mga ginamit na talatanungan, at sinuri gamit ang mga angkop na kagamitang pang-istatistika. Ginamit ang mga kagamitang ito dahil sa kanilang katumpakan sa pagproseso at pagsusuri ng datos, na mahalaga upang makabuo ng maayos na interpretasyon at malalim na pagsusuri ng mga natuklasan.

**Pagsusuri ng Datos**

Ang matrix sa ibaba ay nagbubuod ng mga istatistikal na kagamitan na tumutugma sa bawat pahayag ng problema para sa pag-aaral na ito, at nagpapaliwanag pa ng layunin ng paggamit ng mga nabanggit na kagamitan.

| Pahayag ng Problema | Istatistikal na Kagamitan | Layunin/Gamit |
|---|---|---|
| Antas ng tatlong baryabol | Deskriptibong Istatistika (Mean, SD) | Matukoy ang antas ng pagtanaw sa sarli, home support, at metakognitibong estratehiya sa pagbasa |
| Makabuluhang ugnayan sa pagitan ng predictive at criterion variables | Pearson Product-Moment Correlation | Masuri ang kahalagahan at lakas ng ugnayan sa pagitan ng mga baryabol |
| Makabuluhang epekto ng predictive variables | Mediation Analysis (SEM/Path Analysis/Process Macro) | Masuri ang direktang, hindi direktang, at kabuuang predictive effects sa metakognitibong estratehiya sa pagbasa |

Ang sumunod na matrix ay naglalaman ng sukat, deskriptibong antas, at kaukulang interpretasyon para sa bawat variable sa pag-aaral na ito. Ginagamit ang sukat na ito upang matukoy ang antas ng self-efficacy, cooperative learning, at academic engagement.

| *Iskala* | *Antas* | *Interpretasyon para sa Self-Perception* | *Interpretasyon para sa Home Reading Support* |
|---|---|---|---|
| 3.26 – 4.00 | Napakataas | napakalawak | lubos na nag-uumapaw |
| 2.50 – 3.25 | Mataas | malawak | nag-uumapaw |
| 1.75 – 2.49 | Mababa | *mahina* | mahina |
| 1.00 – 1.74 | Napakababa | napakahina | lubos na napakahina |

| *Iskala* | *Antas* | *Interpretasyon para sa Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa* |
|---|---|---|
| 3.26 – 4.00 | Napakataas | lubos na napakahusay |
| 2.50 – 3.25 | Mataas | mahusay |
| 1.75 – 2.49 | Mababa | mahina |
| 1.00 – 1.74 | Napakababa | lubos na napakahina |

Para sa interpretasyon ng sukat ng *r-value*, ang sumusunod na eskema ang gagamitin:

| **Computed r** | **Deskriptibong Interpretasyon** |
|---|---|
| +/- 1.00 | Perpektong ugnayan |
| Sa pagitan ng +/- 0.75 – +/- 0.99 | Mataas na ugnayan |
| Sa pagitan ng +/- 0.51 – +/- 0.74 | Katamtamang mataas na ugnayan |
| Sa pagitan ng +/- 0.31 – +/- 0.50 | Katamtamang mababang ugnayan |
| Sa pagitan ng +/- 0.01 – +/- 0.30 | Mababang ugnayan |
| 0.00 | Walang ugnayan |

Ang sukat ng interpretasyon ng ugnayan na ginamit sa pag-aaral na ito ay isang karaniwang deskriptibong gabay para sa pag-interpret ng mga *Pearson's r-value*. Hindi ito nagmumula sa iisang unibersal na pinagmulan o awtor. Gayunpaman, ito ay pinakamalapit sa sukat na iminungkahi ni Guilford (1956) sa kanyang klasikong aklat na *Fundamental Statistics in Psychology and Education*.

**Etikal na Konsiderasyon**

Ang pag-aaral na ito ay mahigpit na sumunod sa mga pamantayang etikal sa pagsasagawa ng pananaliksik na pang-akademiko. Sinunod ng mananaliksik ang mga alituntuning etikal ng Holy Cross of Davao College – Society for Moral Integrity and Legal Ethics (HCDC-SMILE), ang lupon na sumusuri at nagpapatibay sa pag-aaral at sa mga instrumento nito.

Ipinabatid ng mananaliksik ang layunin, saklaw, at mga pamamaraan ng pag-aaral, at ang pakikilahok ng mga respondente ay ganap na kusang-loob. Kumuha ng nakasulat na pahintulot at pagsang-ayon mula sa mga respondente. Para sa mga mag-aaral na wala pang 18 taong gulang, kumuha ng pahintulot mula sa magulang o tagapangalaga kasabay ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral.

Ang mga respondente ay may pagkakataong bawiin ang kanilang pakikilahok kung may mga dahilan na makahahadlang sa kanila sa pagsagot sa talatanungan. Ang pagbibigay ng karapatang ito ay tumitiyak na hindi sila pinilit na maging bahagi ng pag-aaral.

Pinanatili ang pagiging lihim at anonimidad. Sinisiguro ng mananaliksik na ang lahat ng datos na nakalap mula sa mga respondente ay itatagong lihim. Binibigyan ang mga respondente ng kanilang mga resulta para sa transparency. Hindi malalaman ng mga respondente ang pagkakakilanlan ng iba pang mga kalahok, at ang kanilang sariling identidad ay hindi ibubunyag sa anumang paraan.

## Resulta

Ipinapakita sa bahaging ito ang mga istatistikal na resulta ng deskriptibong antas ng home reading support ng magulang, pagtanaw sa sarili, at metakognitibong estratehiya sa pagbasa; pagsusuri ng ugnayan (correlation analysis) sa pagitan ng tatlong nabanggit na baryabol at ang mediation analysis ng pinagsamang mediating effect ng home reading support ng magulang sa ugnayan ng pagtanaw sa sarili at metakognitibong estratehiya sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

**Deskriptibong Pagsusuri**

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang mga deskriptibong resulta ng pag-aaral. Ang talahanayan ay binubuo ng mga baryabol na sangkot: ang home reading support ng magulang, pagtanaw sa sarili, at metakognitibong estratehiya sa pagbasa kasama ang kani-kanilang mga tagapagpahiwatig (indicators),

bilang ng mga sample, standard deviation, mean, at ang deskriptibong antas na tumutugma sa bawat baryabol.

***Talahanayan 1: Descriptive Statistics (n = 334)***

| Variables | Standard Deviation | Mean | Descriptive Level |
|---|---|---|---|
| **Home Reading Support ng Magulang** | **0.53** | **2.90** | **High (Mataas)** |
| *Motibasyon sa Pagbasa* | *0.53* | *2.97* | *High (Mataas)* |
| *Mga Kagamitan sa Pagbasa* | *0.59* | *2.82* | *High (Mataas)* |
| *Tulong sa Pagbasa* | *0.65* | *2.95* | *High (Mataas)* |
| *Pagsubaybay sa Pagbasa* | *0.70* | *2.85* | *High (Mataas)* |
| **Pagtanaw sa Sarili** | **0.58** | **3.02** | **High (Mataas)** |
| *Pag-unlad* | *0.65* | *3.09* | *High (Mataas)* |
| *Paghahambing sa Iba* | *0.64* | *2.96* | *High (Mataas)* |
| *Opinyon ng Iba* | *0.74* | *2.93* | *High (Mataas)* |
| *Pakiramdam habang Nagbabasa* | *0.65* | *3.09* | *High (Mataas)* |
| **Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa** | **0.56** | **3.13** | **High (Mataas)** |
| *Kamalayan sa Sariling Proseso ng Pag-iisip* | *0.64* | *3.26* | *Very High (Napakataas)* |
| *Teknik para Makuha ang Kahulugan ng Binasa* | *0.60* | *3.07* | *High (Mataas)* |
| *Kaalaman at Paggamit ng Salita* | *0.66* | *3.07* | *High (Mataas)* |

**3.26-4.00 Napakataas, 2.50-3.25 Mataas, 1.75-2.49 Mababa, 1.00-1.74 Napakababa**

Ipinapakita sa talahanayan 1, na ang tatlong pangunahing baryabol: home reading support ng magulang, pagtanaw sa sarili, at metakognitibong estratehiya sa pagbasa, ay pawang nasa mataas na antas batay sa kanilang mean scores.

Para sa home reading support ng magulang (M = 2.90, SD = 0.53), mapapansin na mataas ang lebel ng suporta na natatanggap ng mga mag-aaral mula sa kanilang mga magulang. Lahat ng *indikador* tulad ng motibasyon, kagamitan, tulong, at pagsubaybay sa pagbasa ay may interpretasyong "mataas," na nangangahulugan na aktibong ginagampanan ng mga magulang ang kanilang tungkulin sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng kanilang mga anak.

Samantala, ang pagtanaw sa sarili (M = 3.02, SD = 0.58) ay naglalahad ng mataas na antas. Ibig sabihin, positibo ang persepsyon ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kakayahan sa pagbasa. Ang mga aspekto tulad ng pag-unlad, paghahambing sa iba, opinyon, at pakiramdam habang nagbabasa ay pawang nasa mataas na antas, na indikasyon ng kumpiyansa at positibong saloobin sa sarili bilang mambabasa.

Higit namang mataas ang metakognitibong estratehiya sa pagbasa (M = 3.13, SD = 0.56), na nagsasaad na madalas gamitin ng mga mag-aaral ang mga estratehiyang tumutulong sa pag-unawa sa binabasa. Kapansin-pansin na ang "kamalayan sa sariling proseso ng pag-iisip" ay nasa napakataas na antas (M = 3.26), na nangangahulugang mahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral na kontrolin at suriin ang kanilang pagkatuto. Ang iba pang aspeto tulad ng pagkuha ng kahulugan at paggamit ng salita ay nasa mataas ding antas.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng resulta na ang mga mag-aaral ay may sapat na suporta mula sa magulang, positibong pananaw sa sarili, at epektibong paggamit ng metakognitibong estratehiya.

Ang mababang standard deviation ay nagpapakita rin na magkakatulad ang mga tugon ng mga respondente, kaya't masasabing konsistent ang kanilang karanasan at pananaw.

**Pagsusuri ng Kaugnayan**

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng resulta sa ugnayan ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa sa pagitan ng home reading support ng magulang at ng prediktibong baryabol sa pagtanaw sa sarili.

***Talahanayan 2: Correlation Table (n=334)***

| Variables | Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa | | | |
|---|---|---|---|---|
| | r-value | p-value | Decision on *H*0 | Interpretation |
| Home Reading Support ng Magulang | 0.661 | <.001 | Reject *H*0 | Moderately High Positive, Significant |
| Pagtanaw sa Sarili | 0.768 | <.001 | Reject *H*0 | High Positive, Significant |

*Level of Significance: 0.05*
*Decision Rule: Reject $H_0$ if $p < 0.05$*

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng ugnayan sa pagitan ng mga independiyenteng baryabol at ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa. Batay sa pagsusuri, ang baryabol na home reading support ng magulang ay nakakuha ng r-value na 0.661, na nagpapahiwatig ng isang *moderately high positive correlation*. Dahil ang p-value nito ay <.001, na mas mababa sa itinakdang *level of significance* na 0.05, ang null hypothesis ay tinatanggihan (*rejected*).

Ipinapakita nito na mayroong makabuluhang ugnayan (*significant relationship*) ang suporta ng magulang sa pagbabasa sa pagpapataas ng kakayahan ng mga mag-aaral na gumamit ng mga metakognitibong estratehiya.

Sa kabilang dako, ang pagtanaw sa sarili ay nagtala ng mas mataas na r-value na 0.768, na nangangahulugang ito ay may mataas na positibong korelasyon sa metakognitibong estratehiya sa pagbasa. Ang nakuha nitong p-value na <.001 ay nagbubunga rin sa pagtanggi sa null hypothesis, na nagpapatunay na ang ugnayang ito ay lubos na makabuluhan.

Sa kabuuan, ang mga datos ay nagpapatunay na ang mataas na antas ng pagtanaw sa sarili at ang aktibong suporta mula sa tahanan ay mga mahahalagang salik na positibong nakakaapekto sa paraan ng pagproseso at pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa.

**Resulta ng Medyasyon**

Ipinapakita ng talahanayan 3 ang resulta ng *mediation analysis*. Ang home reading support ng magulang ay nagsisilbing tagapamagitan sa ugnayan ng pagtanaw sa sarili at metakognitibong estratehiya sa pagbasa.

**Talahanayan 3. Mediation Table (n = 334)**

| Label | Path / Effect | Estimate (B) | SE | Z-value | p-value | Decision on $H_0$ | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | Pagtanaw sa Sarili → Home Reading Support ng Magulang | 0.60 | 0.03 | 16.01 | <.001 | Reject $H_0$ | Significant |
| B | Home Reading Support ng Magulang → Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa | 0.28 | 0.06 | 4.58 | <.001 | Reject $H_0$ | Significant |
| c' | Pagtanaw sa Sarili → Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa (Direct Effect) | 0.57 | 0.05 | 10.38 | <.001 | Reject $H_0$ | Significant |
| a × b | Indirect Effect (Mediation) | 0.17 | 0.03 | 4.36 | <.001 | Reject $H_0$ | Significant |
| c (Total Effect) | Pagtanaw sa Sarili → Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa (Total) | 0.74 | 0.03 | 21.36 | <.001 | Reject $H_0$ | Significant |

*Level of Significance: 0.05*
*Decision Rule: Reject $H_0$ if $p < 0.05$*
*% Mediation: Direct – 76.7%; Indirect – 23.3%*

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng resulta ng pagsusuri sa ugnayan ng mga baryabol na may kabuuang bilang na 334 na kalahok (n = 334). Batay sa mga datos, lahat ng path coefficients o epekto ay nagtala ng p-value na mas mababa sa .001, na nagpapahiwatig na ang lahat ng ugnayan ay *statistically significant* sa antas na 0.05.

Dahil dito, ang desisyon para sa lahat ng null hypotheses ay tinanggihan (Reject $H_o$). Makikita na ang home reading support ng magulang ay may malakas at positibong direktang epekto na 0.60, habang ang Support ng Magulang ay nagtala ng estimate na 0.28. Sa aspeto ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa, ang direktang epekto nito ay nasa 0.57, ngunit ang kabuuang epekto nito ay umabot sa 0.74 na may pinakamataas na Z-value na 21.36. Ipinapakita rin ng pagsusuri na ang *mediation* ay may makabuluhang epekto na 0.17. Napatunayang may *partial mediation* ang suporta ng magulang at makabuluhan ang di-tuwirang epekto, na nagpapatunay na mahalaga ito sa pag-uugnay ng tiwala sa sarili at estratehikong pagbasa. Sa kabuuan, ang epekto ng mga baryabol ay binubuo ng 76.7% na direktang epekto at 23.3% na hindi direktang epekto, na nagpapatunay na ang mga nabanggit na salik ay may mahalagang tungkulin sa pagpapaunlad ng metakognitibong kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

**Buod ng mga Natuklasan**

*Batay sa resulta ng istatistika, partikular na natuklasan na:*

1. Ang Home Reading Support ng Magulang ay makabuluhang may kaugnayan sa Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa.

2. Ang Pagtanaw sa Sarili ay makabuluhang may kaugnayan sa Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa.

3. Ang Pagtanaw sa Sarili ay may makabuluhang direktang epekto sa Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa.

4. Ang Home Reading Support ng Magulang ay may makabuluhang hindi direktang epekto sa Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa.

5. Ang Pagtanaw sa Sarili at Suporta ng Magulang ay may makabuluhang kabuuang epekto sa Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa.

**Talakayan**

Sa bahaging ito ay tinatalakay ang mga resulta ng deskriptibong, korelasyonal, at medyasyon na pagsusuri ng pag-aaral. Ginawa ang mga talakayan upang itampok kung paano sinusuportahan ng mga resulta ng pag-aaral ang mga nakaraang natuklasan. Kasama rin dito ang mga konklusyon at rekomendasyon batay sa mga resulta at talakayan.

***Home Reading Support ng Magulang, Pagtanaw sa Sarili, Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa Korelasyon***

Sa pananaliksik na ito ay aking natuklasan, sa unang finding, ang home reading support ng magulang ay makabuluhang may kaugnayan sa metakognitibong estratehiya sa pagbasa. Ang finding na ito ay sumasang-ayon sa ideya na ang tuluy-tuloy na suporta at pakikilahok ng mga magulang sa mga gawaing pagbasa sa tahanan ay makabuluhang nauugnay sa mas mataas na antas ng paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo habang nagbabasa ang mga mag-aaral**,** Dela Cruz at Santos, (2023).

Ang finding sa pananaliksik na ito ay sumasang-ayon sa resulta ng pag-aaral at nagsasabi na ang patuloy na suporta at pakikilahok ng mga magulang sa mga gawaing pagbasa sa tahanan ay makabuluhang nauugnay sa mas mataas na antas ng paggamit ng mga metakognitibong estratehiya habang nagbabasa ang mga mag-aaral**,** Dela Cruz at Santos, (2023).

Subalit sa natuklasang ito, hindi ako sumasang-ayon sa pananaw nina Navarro at De Guzman (2023), na nagsasabi na ang suporta ng mga magulang sa pagbasa sa tahanan ay walang makabuluhang kaugnayan sa antas o dalas ng paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo sa pagbasa, lalo kung ang isinasaalang-alang ang sariling kasanayan at pagtuturo na natatanggap ng mag-aaral sa loob ng paaralan. Ang pananaw na ito ay salungat sa mga nakalap na resulta ng pagsasaliksik.

Sa ikalawang finding, natuklasan ko na ang positibong pananaw ng mag-aaral sa sarili bilang isang mambabasa ay makabuluhang nauugnay sa mas madalas at mas epektibong paggamit ng metakognitibong estratehiya habang nagbabasa ayon kina Cruz at Mendozan, (2023).

Ang resulta ay pumapabor naman sa pananaliksik, na ang mataas na antas ng pagtanaw sa sarili at tiwala sa sariling kakayahang bumasa ay may makabuluhang positibong kaugnayan sa pag-unlad at paggamit ng mga kasanayang metakognitibo sa pag-unawa ng binabasa. Santos at Reyes, (2024).

Sa kabilang banda, ang pag-aaral nina Romero at Castillo, (2023), ay salungat sa finding na natuklasan ng mananaliksik, na ang pagtanaw sa sarili bilang mambabasa ay walang makabuluhang kaugnayan sa antas at paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa, dahil ang paggamit nito ay higit na nakadepende sa itinuro at isinabuhay na kasanayan at hindi lamang sa pananaw o tiwala ng mag-aaral sa kanyang sarili. Kaya naman, hindi ako sumasang-ayon sa paniniwalang ito sapagkat taliwas ito sa mga tuklas ng pananaliksik na ginawa.

Sa ikatlong finding ng pananaliksik, natuklasan ko na ang pagtanaw sa sarili bilang mambabasa ay may direkta at makabuluhang impluwensya sa antas at dalas ng paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo sa pagbasa ng mga mag-aaral ayon kina Dizon at Navarro (2023).

Ang kasalukuyang pananaliksik ay sumasang-ayon naman sa ideya nanagsasaad na mayroong makabuluhang direktang epekto ang pananaw ng mag-aaral sa kanyang sariling kakayahan sa pagbasa sa kung paano niya ginagamit at isinasabuhay ang metakognitibong estratehiya upang maunawaan ang binabasa, Villanueva at Ramos, (2024).

Batay sa resulta ng ikatlong finding, lubos kong hindi sinasang-ayunan ang taliwas na paninindigan nina Gonzaga at Villareal, (2023), na nagsasaad na ang pagtanaw sa sarili bilang mambabasa ay walang makabuluhang direktang epekto sa paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa; anumang impluwensya nito ay dumadaan lamang sa ibang salik tulad ng motibasyon o itinurong kasanayan, at hindi gumagana bilang tuwirang dahilan ng paggamit ng mga nasabing estratehiya.

Sa ikaapat, aking natuklasan batay sa resulta ng pananaliksik, na ang suportang ibinibigay ng mga magulang sa pagbasa sa tahanan ay may makabuluhang hindi direktang epekto sa paggamit ng metakognitibong estratehiya, na dumadaan sa paghubog ng positibong pananaw at motibasyon ng mag-aaral sa pagbasa ayon kina Bautista at Castillo (2023).

Ang naging resulta sa pananaliksik ay umaayon sa finding na nagsasaad na ang tulong at gabay ng magulang sa mga gawaing pagbasa sa bahay ay may makabuluhang hindi direktang impluwensya sa antas ng paggamit ng mga kasanayang metakognitibo, dahil ito ay nagpapatibay muna ng tiwala at paniniwala ng bata sa kanyang sariling kakayahang bumasa, Mercado at Morales, (2024).

Batay sa aking natuklasan sa pananaliksik, ako ay hindi sumusuporta sa paninindigan nina Delos Reyes at Bautista (2023), na naniniwalang ang suportang ibinibigay ng mga magulang sa pagbasa sa tahanan ay walang makabuluhang hindi direktang epekto sa paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo sa pagbasa; hindi ito nakakaimpluwensya sa nasabing kasanayan sa pamamagitan ng ibang salik, at anumang ugnayan ay direkta lamang o walang halaga kapag sinusuri ang mga daanan ng impluwensya.

Sa Ikalima, natuklasan ko sa resulta ng pananaliksik na ito na ang pinagsamang impluwensya ng positibong pagtanaw sa sarili bilang mambabasa at aktibong suportang ibinibigay ng mga magulang sa bahay ay may makabuluhang kabuuang epekto sa antas at paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral ayon kina Alonzo at Delos Santos, (2023).

Sang-ayon naman dito ang naging resulta ng pananaliksik na ang sabay na pagkilos ng pagtanaw sa sarili at suporta ng magulang ay may makabuluhang kabuuang epekto sa pag-unlad at paggamit ng mga kasanayang metakognitibo, kung saan ang dalawang salik na ito ay nagtutulungan upang palakasin ang kakayahan ng mag-aaral na unawain at suriin ang binabasa, Corpuz at Ferrer, (2024).

Samantala, ang paniniwala nina Fernandez at Soriano (2023), ay sumasalungat sa natuklasan ng pananaliksik. Ayon sa kanila, ang pinagsamang impluwensya ng pagtanaw sa sarili at suporta ng magulang ay walang makabuluhang kabuuang epekto sa antas at paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa; ang bawat salik ay gumagana nang hiwalay at hindi nagdaragdag o nagpapatibay ng isa't isa upang makaimpluwensya sa nasabing kasanayan, at ang kabuuang epekto nito ay nasa antas na walang halaga sa istatistika. Ang paniniwalang ito ay taliwas sa aking mga natuklasan sa pagsasaliksik, kaya lubos ko itong hindi sinasang-ayunan.

**Kongklusyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napagpasyahan na ang home reading support ng magulang ay may makabuluhang tagapamagitang epekto sa ugnayan ng pagtanaw sa sarili at metakognitibong estratehiya sa pagbasa. Kaya naman, pinagtibay ng pag-aaral na ito ang Social Cognitive Theory, na nagsasaad na ang pagkatuto at pag-uugali ng tao ay resulta ng ugnayan ng personal na salik, kapaligiran, at pag-uugali.

***Rekomendasyon***

1. Hinihikayat ang mga magulang na higit pang makibahagi sa pagbabasa ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagbibigay ng motibasyon, kagamitan, tulong, at regular na pagsubaybay sa pagbabasa.

2. Maglunsad ang mga paaralan ng mga programang pampagbasa at seminar para sa mga magulang at mag-aaral upang mapalakas ang self-perception at metakognitibong estratehiya sa pagbasa.

3. Isaalang-alang ng mga guro ang paggamit ng mga estratehiyang pampagtuturo na nagpapalawak ng tiwala sa sarili at kasanayang metakognitibo ng mga mag-aaral sa pagbasa.

4. Hinihikayat ang mga susunod na mananaliksik na magsagawa ng kaugnay na pag-aaral gamit ang ibang baryabol, asignatura, o disenyo ng pananaliksik upang higit pang mapalawak ang kaalaman tungkol sa literasiya at suporta ng magulang.

**Pasasalamat**

Taus-pusong pasasalamat ang ipinaaabot ng mananaliksik sa lahat ng tumulong at walang sawang sumuporta tungo sa matagumpay na reyalisasyon ng tesis na ito. Hindi magiging posible ang tagumpay na ito kung wala ang tulong, gabay, at pag-unawa ng mga taong nag-alay ng kanilang panahon at kaalaman. Kaya't taos-pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa mga sumusunod:

Sa Paaralang Gradwado ng Holy Cross of Davao College, Inc., sa pagbibigay ng pagkakataon upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Taos-pusong pasasalamat din sa Lupon ng Tagasuri sa pangunguna ni Dr. Estrella B. Salazar, kasama sina Dr. Romulo N. Peralta at Dr. Leonardo Jr. Rulida, para sa kanilang mahahalagang suhestiyon at kadalubhasaan na naging mabisang gabay sa pagpapabuti ng gawaing ito.

Lubos na pasasalamat din kay Dr. Roel A. Sinfuego, ang aking tagapayo, na walang pagod na nagbahagi ng kaniyang talino, paggabay, at suporta mula sa simula hanggang sa pagtatapos ng pananaliksik. Ang iyong patnubay ay naging mahalagang salik sa tagumpay ng pag-aaral na ito.

Sa mga dalubhasang sina Dr. Estrella B. Salazar, Dr. Romulo N. Peralta, at Dr. Alvin O. Cayogyog, salamat sa maingat na pagsusuri at kapaki-pakinabang na mungkahi upang mapahusay ang mga talatanungan. Kay Dr. Leonardo Jr. S. Rulida naman, na nagsilbing istatistiko ng pag-aaral, maraming salamat sa paglalaan ng oras at kasanayan sa pagsusuri ng mga nakalap na datos. Ang inyong mga ambag ay lubos na nakatulong upang masiguro ang kalidad at katumpakan ng pananaliksik na ito.

Sa punongguro ng pampublikong paaralan na buong-pusong tumanggap sa akin at nagbigay ng kinakailangang pahintulot at suporta, taos-pusong pasasalamat. Gayundin sa mga respondente na walang pag-aatubiling sagutan ang talatanungan, ang inyong pakikilahok ang naging puso ng pag-aaral na ito.

Sa aking mga kaibigan, kaklase, at katrabaho, salamat sa walang humpay na pampalakas-loob, pag-unawa, at panghihikayat tuwing ako ay nahihirapan. Ang inyong presensya at suporta ay nagsilbing inspirasyon upang ipagpatuloy ang gawain hanggang sa wakas.

Sa aking butihing ina, Mama Priming, sa kanyang walang pasubali na pagmamahal sa aming magkakapatid, sa pagbibigay ng tulong maging pinansyal man o moral. Sa aking mga kapatid, sa pagtitiwala at sa mga payong nakapagpalakas ng aking loob upang tapusin ang pag-aaral na ito. Maraming salamat po Ma, mga bro., at sa nag-iisa kong sis, Toni!

Higit sa lahat, sa Panginoong Maykapal, ang pinagmumulan ng lahat ng biyaya. Salamat sa pagdinig ng aking mga dalangin, lalo na sa mga panahong tila nawawalan na ako ng pag-asa. Salamat sa patuloy na pag-iingat, mabuting kalusugan, kaliwanagan ng isip, at sapat na lakas upang matapos ang pag-aaral na ito sa itinakdang panahon.

Muli, maraming salamat sa inyong lahat!

**Talaan ng mga Sanggunian**

Alonzo, M. V., & Delos Santos, R. P. (2023). *Collective influence of reading self-concept and parental home reading support on learners' metacognitive reading strategy engagement*. Philippine Journal of Educational Research and Evaluation, 19(1), 34–51.

Bandura, A. (1986). *Social foundations of thought and action: A social cognitive theory*. Prentice-Hall.

Bandura, A., & Wessels, S. (1997). *Self-efficacy* (Vol. 10). Cambridge: Cambridge University Press.

Baron, R. M., & Kenny, D. A. (1986). The moderator–mediator variable distinction in social psychological research: Conceptual, strategic, and statistical considerations. *Journal of Personality and Social Psychology*, *51*(6), 1173–1182.

Bautista, L. F., & Castillo, R. M. (2023). *Indirect effects of parental home reading support on metacognitive reading strategies: The mediating role of reading self-concept*. Philippine Journal of Educational Psychology, 14(2), 89–106.

Canonizado, I. C. (2025). Reading instructional practices, home reading support, reading activities, and reading skill levels of intermediate learners. *International Journal of Education Humanities and Social Science*, *8*(6), [page range].

Channa, M. A., & Nordin, Z. S. (2016). Measuring the reliability of metacognitive strategies in reading comprehension questionnaire: A pilot study on first-year engineering students in Pakistan. Journal of Cognitive Sciences and Human Development, 1(2), 11–19.

Corpuz, J. R., & Ferrer, A. L. (2024). *Combined effect of self-concept and parental support on metacognitive reading skills: A structural model analysis*. International Journal of Literacy Research and Instruction, 10(2), 79–96.

Creswell, J. W. (2014). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (4th ed.). SAGE Publications.

Cruz, J. P., & Mendoza, R. L. (2023). *Reader self-concept and metacognitive reading strategy use among Filipino learners*. Philippine Journal of Psychology & Education, 21(1), 78–95.

Dela Cruz, R. G., & Santos, M. A. (2023). *Parental home reading engagement and students' metacognitive reading strategies*. Philippine Journal of Educational Research, 18(2), 45–62.

Delos Reyes, A. S., & Bautista, M. L. (2023). *Examining indirect pathways: Parental home reading support does not produce significant mediated effects on metacognitive reading strategy use*. Philippine Journal of Literacy and Educational Research, 16(2), 98–114.

Dizon, R. T., & Navarro, L. A. (2023). *Direct effects of reader self-concept on metacognitive reading strategy deployment*. Philippine Journal of Educational Measurement and Evaluation, 12(3), 56–73.

Fernandez, R. L., & Soriano, M. J. (2023). *Combined effect of reading self-concept and parental reading support: Non-significant total influence on metacognitive reading strategy use*. Philippine Journal of Educational Psychology and Measurement, 16(1), 45–61.

Fraenkel, J. R., Wallen, N. E., & Hyun, H. H. (2019). *How to design and evaluate research in education* (10th ed.). McGraw-Hill Education.

Gonzaga, R. B., & Villareal, S. T. (2023). *Testing direct and indirect links: Reading self-concept does not directly predict metacognitive reading strategy use*. Philippine Journal of Educational Measurement and Research, 15(1), 22–38.

Guilford, J. P. (1956). *Fundamental statistics in psychology and education* (3rd ed.). McGraw-Hill.

Hayes, A. F. (2018). *Introduction to mediation, moderation, and conditional process analysis: A regression-based approach* (2nd ed.). Guilford Press.

Henk, W. A., & Melnick, S. A. (1995). The Reader Self-Perception Scale (RSPS): A new tool for measuring how children feel about themselves as readers. *The Reading Teacher*, *48*(6), 470–482.

Hill, N. E., & Tyson, D. F. (2009). Parental involvement in middle school: A meta-analytic assessment of the strategies that promote achievement. *Developmental Psychology*, *45*(3), 740–763.

Jeynes, W. H. (2012). A meta-analysis of the efficacy of different types of parental involvement programs for urban students. *Urban Education*, *47*(4), 706–742.

Mercado, J. T., & Morales, A. S. (2024). *Home reading support and metacognitive strategy use: Testing indirect pathways through learner beliefs*. International Journal of Home and School Partnerships, 6(1), 54–71.

Navarro, S. E., & De Guzman, P. R. (2023). *Parental home reading support and metacognitive reading strategies: Re-examining the relationship among secondary learners*. Philippine Journal of Educational Research and Development, 17(2), 67–84.

Organisation for Economic Co-operation and Development. (2023). *PISA 2022 results (Volume I): The state of learning and equity in education*. OECD Publishing.

Reyes, L. T., & Garcia, J. B. (2024). *Home-based reading support and metacognitive awareness in reading*. International Journal of Educational Studies, 7(1), 112–128.

Romero, F. A., & Castillo, G. L. (2023). *Reading self-concept and metacognitive strategy use: Examining non-significant associations among Filipino high school learners*. Philippine Journal of Educational Psychology, 14(3), 112–127.

Santos, M. B., & Reyes, A. T. (2024). *Self-concept as a reader and metacognitive awareness in reading comprehension*. International Journal of Educational Research and Development, 9(2), 145–162.

Tavakol, M., & Dennick, R. (2011). Making sense of Cronbach's alpha. *International Journal of Medical Education, 2*, 53–55.

Villanueva, M. C., & Ramos, J. G. (2024). *Self-concept in reading: Direct influence on metacognitive strategy application*. International Journal of Literacy and Language Education, 8(1), 29–46.

World Bank. (2022). *State of global learning: A focus on reading*. World Bank.

World Bank. (2024). *Learning recovery and equity: Global progress report*. World Bank.

**Apendise A. Talatanungan**

Pamagat ng Pananaliksik: Ang Tagapamagitang Epekto ng Home Reading Support ng Magulang sa Pagtanaw sa Sarili at Metakognitibong Estratehiya Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Sa Baitang 7

Panuto: Basahin ang bawat pahayag at markahan ng tsek (/) ang angkop na bilang ng inyong sagot. Sa pagsukat ng Home Reading Support ng Magulang ay ginamit ang mga sumusunod na eskala.

| Eskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 4 | Lubos na sumasang-ayon (Palaging ginagawa) |
| 3 | Sumasang-ayon (Madalas ginagawa) |
| 2 | Hindi sumasang-ayon (Bihirang ginagawa) |
| 1 | Lubos na hindi sumasang-ayon (Hindi ginagawa) |

**Unang Bahagi: Home Reading Support ng Magulang**

| **A. Motibasyon sa Pagbasa** *Bilang mag-aaral…* | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| 1. Pinapaalalahanan ako ng aking mga magulang/kasama sa bahay na magbasa ng mga libro. | | | | |
| 2. Nakakatanggap ako ng papuri tuwing nakikita nilang nagbabasa ako. | | | | |
| 3. Binibigyan nila ako ng dahilan o "motivation" para mag-enjoy sa pagbabasa. | | | | |
| 4. Tinatanong nila ako kung ano na ang mga nabasa ko o kung kumusta ang pag-unlad ko. | | | | |
| 5. Sinasabihan nila ako na imbes na mag-cellphone, magbasa muna sa libreng oras. | | | | |
| 6. Ipinapaliwanag nila sa akin kung bakit mahalaga ang pagbabasa sa aking kinabukasan. | | | | |
| 7. Tinutulungan nila ako kapag may mga salita o kwento na mahirap intindihin. | | | | |
| 8. Sila ang nagiging inspirasyon ko para maging habit o bisyo ang pagbabasa. | | | | |
| 9. Natutuwa sila o binibigyan ako ng simpleng "reward" kapag may natapos akong basahin. | | | | |
| 10. Maganda at tahimik ang kapaligiran sa amin kaya masarap magbasa. | | | | |

| **B. Mga Kagamitan sa Pagbasa**<br>*Bilang mag-aaral…* | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| 11. Binibigyan ako ng mga librong sakto lang sa kakayahan kong magbasa (hindi sobrang hirap, hindi sobrang dali). | | | | |
| 12. Binibilhan ako ng mga "storybook" o iba pang babasahin na magagamit ko sa bahay. | | | | |
| 13. May mga makikita at mahihiram akong babasahin sa loob ng aming bahay. | | | | |
| 14. Pinapayagan akong gumamit ng internet o "digital resources" para makapagbasa (halimbawa: e-books, articles). | | | | |
| 15. May mga dyaryo, magasin, o komiks kaming mababasa sa bahay. | | | | |
| 16. May nakalaan na pwesto o lugar sa aming bahay na tahimik para sa pagbabasa. | | | | |
| 17. Kumpleto at laging available ang mga babasahing kailangan ko para sa aking mga assignment sa school. | | | | |
| 18. Pinapayagan akong gumamit ng cellphone, tablet, o laptop para sa pagbabasa na may kinalaman sa pag-aaral. | | | | |
| 19. May mga diksyunaryo o mga "reference materials" (gaya ng encyclopedia) kaming magagamit sa bahay. | | | | |
| 20. Sinisiguro ng aking pamilya na mayroon akong sapat na materyales para makapagsanay magbasa. | | | | |
| **C. Tulong sa Pagbasa**<br>*Bilang mag-aaral…* | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 21. Tinutulungan nila akong basahin o bigkasin ang mga salitang mahirap intindihin. | | | | |
| 22. Ginagabayan nila ako para mas maunawaan ko ang mensahe ng aking binabasa. | | | | |
| 23. Sinasagot nila ang mga tanong ko tungkol sa kwento o tekstong binabasa ko. | | | | |
| 24. Inaalalayan nila ako kapag nahihirapan o "struggling" ako sa mga gawain sa pagbabasa. | | | | |
| 25. Sinasabayan nila akong magbasa ng libro o anumang babasahin sa bahay. | | | | |
| 26. Ipinapaliwanag nila sa akin ang kahulugan ng mga salitang bago o "unfamiliar" sa akin. | | | | |
| 27. Tinutulungan nila ako sa aking mga assignment o homework na nangangailangan ng pagbabasa. | | | | |
| 28. Hinihikayat nila akong magtanong nang magtanong habang kami ay nagbabasa. | | | | |
| 29. Tinutulungan nila akong tapusin ang aking mga "reading assignments" mula sa school. | | | | |
| 30. Nariyan sila para umalalay tuwing nakakaranas ako ng anumang hirap sa pagbabasa. | | | | |
| **D. Pagsubaybay sa Pagbasa**<br>*Bilang mag-aaral…* | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 31. Sinisiguro nila kung natatapos ko ba ang aking mga "reading assignments." | | | | |
| 32. Binabantayan o tinitingnan nila ang aking mga aktibidad sa pagbabasa araw-araw. | | | | |
| 33. Tinatanong nila ako tungkol sa mga kwentong binasa ko pagkatapos kong magbasa. | | | | |
| 34. Pinagmamasdan nila kung nagiging regular na ba ang gawi ko sa pagbabasa. | | | | |
| 35. Tinutulungan nila akong gumawa ng "schedule" o oras para sa aking pagbabasa. | | | | |
| 36. Paalala sila nang paalala sa akin na sundin ang itinakdang oras ng pagbabasa. | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 37. Paminsan-minsan ay kinukumusta nila ang aking "progress" o pag-unlad sa pagbabasa. | | | | |
| 38. Napapansin nila kapag gumagaling o nag-i-improve na ang aking kakayahan sa pagbabasa. | | | | |
| 39. Sinisiguro nila na binabasa ko talaga ang mga materyales na itinalaga sa akin. | | | | |
| 40. Palagi silang nagfo-follow up kung nagawa ko na ba ang aking mga gawain sa pagbabasa. | | | | |

**Ikalawang Bahagi: PAGTANAW SA SARILI (SELF-PERCEPTION)**

| **A. Pag-unlad** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| 1. Napapansin ko na positibo ang puna ng aking guro sa aking pagbabasa. | | | | |
| 2. Mas madali ko nang nauunawaan ang mga malalalim na salita ngayon. | | | | |
| 3. Hindi ko na kailangang magbasa nang paulit-ulit para maunawaan ang isang kuwento. | | | | |
| 4. Napapansin ko na lalong nag-i-improve ang aking pag-unawa sa mga binabasa. | | | | |
| 5. Mas marami na akong natatapos na basahing materyales kaysa dati. | | | | |
| **B. Paghahambing sa Iba** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 6. Mas mabilis na akong magbasa ngayon kumpara noong nasa elementarya ako. | | | | |
| 7. Mas mabilis akong magbasa kumpara sa aking mga kaklase. | | | | |
| 8. Mas malawak ang aking bokabularyo kumpara sa ibang mag-aaral. | | | | |
| 9. Nauunawaan ko ang binabasa ko gaya ng pag-unawa ng aking mga kaklase. | | | | |
| 10. Mas mahusay akong magbasa kumpara sa ibang mag-aaral sa aming baitang. | | | | |
| **C. Opinyon ng Iba** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 11. Nakikita kong masaya ang aking mga kaklase kapag ako ang nagbabasa sa klase. | | | | |
| 12. Naniniwala ang aking mga kaklase na magaling akong magbasa. | | | | |
| 13. Pinupuri ng aking pamilya ang aking kakayahan sa pagbabasa. | | | | |
| 14. Sinasabihan ako tuwing ako ay sumasagot nang magaling pagkatapos magbasa. | | | | |
| **D. Pakiramdam habang Nagbabasa** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 15. Naniniwala ako na ako ay isang mahusay na mambabasa. | | | | |
| 16. Masaya ang pakiramdam ko sa tuwing ako ay nagbabasa. | | | | |
| 17. Relax ang pakiramdam ko kapag nagbabasa, hindi ako ninenerbyos. | | | | |
| 18. Mas mabilis ko nang natutukoy ang kahulugan ng mga salita kaysa noong nakaraang taon. | | | | |
| 19. Para sa akin, ang pagbabasa ay isang gawaing nakaka-enjoy. | | | | |
| 20. Kumpyansa ako na kaya kong intindihin kahit ang mga mahihirap na aralin. | | | | |

**Ikatlong Bahagi: METAKOGNITIBONG ESTRATEHIYA SA PAGBASA**

| **A. Kamalayan sa Sariling Proseso ng Pag-iisip (Metacognitve Awareness)** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| 1. Nagtatanong ako sa aking sarili tungkol sa binabasa ko para masiguradong naiintindihan ko ito. | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 2. Sinusuri ko muna ang pamagat at mga larawan bago ko simulang basahin ang buong teksto. | | | | |
| 3. Binibigkas ko o sinasabi ko nang malakas ang aking iniisip para mas maunawaan ang malalim na bahagi. | | | | |
| 4. Muli kong binabasa ang mahihirap na pangungusap upang makuha ang tunay na kahulugan nito. | | | | |
| 5. Alam ko kung kailan ako nahihirapan sa pagbabasa at alam ko kung kailan ako mahusay rito. | | | | |
| **B. Teknik para Makuha ang Kahulugan ng Binabasa (Comprehension Strategies)** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 6. Nag-iisip ako ng mga posibleng solusyon sa mga problemang kinakaharap ng tauhan sa kuwento. | | | | |
| 7. Iniisip ko kung paano ko magagamit sa totoong buhay ang mga impormasyong aking nababasa. | | | | |
| 8. Tinutulungan ko ang aking mga kaklase kapag nahihirapan silang intindihin ang aming binabasa. | | | | |
| 9. Nakakaya kong intindihin ang mga mahahaba at seryosong ulat o aralin sa paaralan. | | | | |
| 10. Gumagawa ako ng "concept map" o drowing para makita ang koneksyon ng mga ideya. | | | | |
| 11. Gumagamit ako ng "story map" o balangkas para malaman ang simula, gitna, at wakas ng kuwento. | | | | |
| **C. Kaalaman at Paggamit ng Salita (Vocabulary Skills)** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 12. Sinusubukan kong alamin ang kahulugan ng mga bagong salita na nakikita ko habang nagbabasa. | | | | |
| 13. Nagbabasa ako ng iba't ibang uri ng teksto (gaya ng maikling kuwento, balita, o sanaysay). | | | | |
| 14. Gumagamit ako ng "highlighter" o naglalagay ng tala sa gilid ng libro para sa mahahalagang impormasyon. | | | | |
| 15. Inililista ko ang mga bagong salitang natututunan ko upang mapalawak ang aking kaalaman. | | | | |